Yunit I

Ako at ang Aking Pamilya

Aralin 1: Kalusugan ng Pamilya ay Dapat Pangalagaan

Lingguhang Layunin:
Wikang Binibigkas
Natutukoy ang pangunahing ideya o kaisipan sa napakinggan/binasang teksto
Pag-unawa sa Binasa
Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggan/binasang teksto
Ponolohiya
Natutukoy ang mga salitang magkakasintunog
Gramatika
Nagagamit ang pagkaunawa sa gramatika upang madaling maunawaan ang di kilalang mga salita
Pagsusulat
Nakagagawa ng pataas-pababang guhit

UNANG ARAW

Layunin
Natutukoy ang pangunahing ideya sa napakinggan/binasang teksto
Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggan/binasang teksto
Paksang-Aralin:
Pagtukoy sa mga pangunahing ideya sa napakinggan/binasang teksto
Kagamitan:
larawan ng mga taong naglilinis
Paunang Pagtataya
Ipakuha sa mga bata ang kanilang sagutang papel, lapis at ang Kagamitan ng Mag-aaral at pasagutan ang **Subukin Natin** sa LM, pahina __ .
Tukoy-alam
Tumutulong ka ba sa pangangalaga ng ating kapaligiran?
Pagbabahagi ng mga bata ng kanilang karanasan kaugnay ng pagsama sa paglilinis ng kapaligiran o kaya ay ng sariling bahay.
Paglalahad
Ipakita ang larawan ng isang maruming kapaligiran?
Gusto mo bang tumigil dito? Bakit?
Bakit kaya naging marumi ang lugar na ito?
Ano ang dapat nating gawin sa lugar na ito?
Pagpapayaman ng Talasalitaan
Isulat ito sa tsart.

Hanapin ang kahulugan ng salitang nakasalungguhit sa pangalawang pangungusap.

1. Maglinis sa tuwina.
   Lagi-laging isaisip ang halaga ng kalusugan.
2. Huwag nating hintayin sakit ay mapala,
   Upang kalusugan na nais ay makuha.
3. Tayo nang kumilos, nang guminhawa.
   Uunlad ang buhay kapag malusog at maraming nagagawa.

- Ano ang ibig sabihin ng tuwina? Mapalad? Guminhawa?
- Ipagamit sa mga bata ang mga bagong salita sa sariling pangungusap.

Basahin sa mga bata ang tulang "Magtulungan Tayo."

Pagtuturo at Paglalarawan

Ipasagot sa mga mag-aaral ang **Sagutin Natin** na makikita sa LM, pahina__.
Basahin muli ang tula.
Tungkol saan ang tulang binasa?
Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng tula?
Ano ang sinasabi ng unang taludtod ng tula?
Ano ang epekto ng sama-samang paglilinis ng kapaligiran?
Ano naman ang sinasabi sa ikalawang taludtod?
Sino ang hinikayat na tumulong sa paglilinis?
Bakit kailangan natin mapanatiling malinis an gating kapaligiran?

Kasanayang Pagpapayaman

Basahin sa mga bata ang " Kumilos at Magkaisa" na nasa Kagamitan ng Mag-aaral. Maaari din naming gabayan ang mga bata sa pagbasa nito.
Tungkol saanang napakinggang teksto?
Itanong sa mga bata ang inihandang mga tanong na may kaugnayan sa binasang teksto.
Ipangkat ang klase sa 4 o higit pa. Depende sa laki ng klase.
Ano ang maaaring gawin sa sumusunod:

Unang Pangkat - lumang diyaryo
Ikalawang Pangkat – lumang gulong
Ikatlong Pangkat – lumang damit
Ikaapat na Pangkat – basyo ng bote

Paglalahat

Ano ang pangunahing ideya? Paano ito matutukoy?
Saan ito makikita sa isang teksto?
Paano maiuugnay ang sariling karanasan batay sa tekstong binasa ?
Ipabasa ang **Tandaan Natin** na makikita sa LM, pahina__

Karagdagang Gawain

Naranasan mo na ba ang sumusunod na gawain?
Pasagutan ang **Linangin Natin A at B** na makikita sa LM , pahina__

Pagtataya *(Optional)*

(Ito ay maaaring gawin pagkatapos ng layunin o lingguhang layunin.)

Basahin ang teksto at ibigay ang pangunahing ideya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sina Rina at Roy

Magkaiba ang kambal na sina Rina at Roy. Palaaral si Rina. Lagi niyang binabasa ang kaniyang mga aralin. Palagi tuloy matataas ang kaniyang mga marka sa paaralan. Taliwas naman sa kanya si Roy. Mahilig siyang maglaro. Madalas ay lumiliban pa siya sa klase para lang makapaglaro. Kaya naman marami sa kaniyang marka ang bagsak. Palagi tuloy siyang napapagalitan ng kaniyang ina.

Ikalawang Araw

Layunin

Natutukoy ang mga salitang magkakasintunog

Paksang-Aralin: Pagkilala sa mga Salitang magkakasintunog

Kagamitan:

larawan ng batang babaeng pilay

Tukoy-alam

Sabihin kung magkasintunog o hindi ang pares ng mga salita.

Walis- bote	- kalesa - mesa
Dahon – kahon	- gulay -palay
Malaki – lalaki	- baso - tasa

Paglalahad

Ipakita ang larawan ng isang batang pilay.
Hayaang pag-usapan ito ng mga bata.
Bakit kaya siya pilay?
Hadlang ba ito sa kaniyang araw-araw na pamumuhay?
Ano kaya ang nangyari sa kaniya?

Pagpapayaman ng Talasalitaan

Gumawa ng tsart ukol dito.

Tukuyin ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap sa Hanay A. Piliin ang letra ng tamang sagot sa Hanay B.

Hanay A	**Hanay B**
1. <u>Hinuhugot</u> ni Pedro ang kanyang gamit na nasa ilalim ng mesa.	a. nakakawalang gana at nakakatamad
2. <u>Nakababagot</u> ang buhay ng isang taong walang ginagawa.	b. makukuhanan
3. Dapat magbasa ng mga aklat dahil <u>kapupulutan</u> natin makabuluhang aral.	c. kinukuha ng may lakas

Ano ang ibig sabihin ng hinuhugot? Nakababagot? Kapupulutan?
Ipagamit ang mga ito sa sariling pangungusap.

Pagtuturo at Paglalarawan

Basahin ang tula na makikita sa **Basahin Natin** sa LM, pahina___

Pasagutan ang mga tanong sa **Sagutin Natin** sa LM, pahina___
Basahin muli ang tula.
Gabayan ang mga bata na mabasa ang tula.
Talakayin kung paano natutukoy ang mga salitang magkakasintunog.
Ano-anong salita ang nasa dulo ng tula? (Isulat ng guro ang sagot ng mga mag-aaral sa pisara. Ipabasa ang mga ito)

Sonya-niya	saklay-pilay
kahulugan-kailangan	nagdadasal-aral
hinuhugot-nakababagot	masaya-mganada

Ano ang napansin ninyo sa hulihang tunog ng mga salita?
Kailang nagiging magkasintunog ang mga salita?
Hayaang magbigay ang mga bata ng pares ng magkakasintunog na mga salita.
Ano ang mga katangian na dapat taglayin kahit na ikaw ay may kapansanan?
Ipagawa ang **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina__

Kasanayang Pagpapayaman

Tukuyin ang mga salitang magkakasintunog.
Ipagawa ang **Gawin Natin** sa LM, pahina___
Isulat sa flashcard ang mga salitang makikita sa **Sanayin Natin** sa LM, pa__ .
Bigyan ng isang set ng flashcard ang bawat pangkat na ginawa. Hayaang pagsama-samahin ng bawat pangkat ang mga salitang magkakasintunog.

Paglalahat

Paano natin matutukoy kung ang mga salita ay magkakasintunog?
Tingnan ang **Tandaan Natin** sa LM , pahina__

Karagdagang Pagsasanay

Sukatin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga salitang magkakasintunog.
Pasagutan ang **Linangin Natin** sa LM, pahina__ .Gumawa ng tsart ukol dito.

Kasunduan

Sumulat sa kuwaderno ng limang magkakasintunog na mga salita.
Gamitin ang mga ito sa pangungusap.

IKATLONG ARAW

Layunin

Nagagamit ang pagkakaunawa sa gramatika upang madaling maunawaan ang mga di kilalang salita (sa pamamagitan ng larawan o paggamit sa pangungusap)

Paksang-Aralin

Pagtukoy sa mga di kilalang salita

Kagamitan:

Flashcard ng mga di kilalang salita at mga larawan nito

Tukoy-alam

Ipabasa ang mga salita na nakasulat sa flashcard.
(estante, bentilador, paminggalan, palikuran, kubyertos)
Ano ang ibig sabihin ng bawat salita?
Ipaguhit ang bawat salita?

Paglalahad

Ano ang gagawin mo kung mayroong mga hindi kilalang salita sa iyong binabasa?

Basahin ang mga pangungusap sa **Basahin Natin** sa LM, pahina___.

Pagtuturo at Paglalarawan

Ipabasa muli sa mga mag-aaral. Ipasagot ang **Sagutan Natin** sa LM, pahina__

Ano ang ibig sabihin ng plorera? Mangkok? Siga? Liblib? Bandurya?

Ipakilala ng guro ang mga di kilalang salita sa paraan ng:

pagpapakita ng mga larawan

paggamit sa pangungusap

Ipagamit ang mga bagong salita sa sariling pangungusap.

Ano ang gagawinmo kung may hindi ka kayang gawaing takdang-aralin?

Basahin ang bawat pahayag na nasa **Pahalagahan Natin**. Ipakikita ng bata ang masayang mukha kung wasto ang gawain at malungkot kung hindi.Maaari din namang magpagawa ng isang masaya at malungkot na mukha sa papel at ito ang ipataas sa bawat pangungusap.

Ating kilalanin ang mga bagong salita sa pamamagitan ng mga larawan.

Kasanayang Pagpapayaman

Ipagawa ang **Gawin Natin** sa LM, pahina__.

Ipagamit ang mga bagong salita sa sariling pangungusap.

Basahin naman ang mga pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga bagong salita.

Ipagawa ang **Sanayin Natin** sa LM, pahina__

Paglalahat

Ano ang dapat gawin upang masabi ang kahukugan ng mga hindi kilalang salita?

Karagdagang Pagsasanay

Ipagawa ang gawain sa **Linangin Natin** sa LM, pahina __ .

Gamitin ang mga salita sa sariling pangungusap.

Kasunduan

Gumawa ng Pasaporte ng mga Di-Kilalang Salita.

Isulat sa album na ito ang mga di-kilalang salita na iyong natutunan.

Iguhit sa tapat nito ang natutunan mong kahulugan nito.

IKAAPAT NA ARAW

Layunin

Nakagagawa ng pataas-pababang guhit

Paksang-Aralin

Pataas-Pababang Guhit

Tukoy-Alam

Tukuyin kung nasa itaas ba o nasa ibaba ang ilang mga bagay na makikita sa kapaligiran.

- Ulap	- bubong	- aklat
- Tubig	- sahig	- mesa
- Puno	- ilaw	- electric fan

Paglalahad

Ipakita kung paano ginagawa ang pataas-pababang guhit.
Sa pagsulat nito, siguraduhin na sabayan ng bilang ang pagsulat.

Pagtauturo at Paglalarawan

Ano-ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat?
Ipabasa ang Dapat Tandaan sa Pagsulat na nasa **Basahin Natin** sa LM, pahina__.
Talakayin ang mga sagot sa **Sagutin Natin** sa LM.
Ipakitang muli ang pagsulat ng pataas-pababang guhit.
Ipaulit ito sa mga bata sa hangin/sa palad/sa likod ng kamag-aral.
Ipabakat ito sa pisara.
Magpagawa nito sa pisara.

Pagpapahalaga

Bakit mahalaga na sundin ang mga panuntunan sa paggawa ng guhit?

Kasanayang Pagpapayaman

Bigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa paggawa ng pataas-pababang guhit.Ipagawa ang **Gawin Natin** sa LM, pahina__
Pangkatin ang klase sa apat na grupo. Ibigay ang nakahandang manila paper na may gawaing pagbabakat at pagdugtong ng mga guhit.
Ipagawa ang **Sanayin Natin** na nasa LM, pahina__.

Paglalahat

Ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng pataas-pababang guhit?

Karagdagang Pagsasanay

Sukatin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pataas-pababang guhit. Ipagawa ang **Linangin Natin** sa LM, pahina__
Pasulatin ang mga bata ng pataas-pababang guhit. (Umikot at gabayan ang mga batang nangangailangan ng tulong)

IKALIMANG ARAW

Layunin

Natutukoy ang mga salitang magkakasintunog
Natutukoy ang kahulugan ng mga di-kilalang salita

Paksang-Aralin

Pagtukoy sa mga salitang magkakasintunog
Pagtukoy ng Kahulugan ng mga Di-Kilalang Salita

Paglalahad

Pagbasa ng mga natutunang salita sa buong linggong aralin.
Hayaang ibigay ng mga bata ang kahulugan ng mga ito.

Pagtuturo at Paglalarawan

Ipaliwanag ang tuntunin sa gagawin.
Gawain 1
Isulat ang mga salita sa flashcard. Magdagdag pa ng ibang salita upang lahat ng mag-aaral ay magkaroon ng hawak na card.

tandaan	alis	manggas	sibat	talino
mahal	saklolo	tuklaw	sakop	magalang
bata	sabaw	bituin	lambing	katwiran

mag-anak	tatay	saging	himutok	kuwento
lapis	bakal	lambat	hikab	paligid
hangin	tela	paputok	andar	simbahan
saknong	bangka	hayop	sunggab	banig
naputol	perlas	lugar	bahay	baliw

Bigyan ang bawat mag-aaral ng flashcard.
Sa hudyat ng guro (maaaring sa pagtugtog ng musika) hahanapin ng mga bata ang kapareha nila sa pamamagitan ng pagtukoy ng salitang kasintunog ng hawak na salita. Kapag nakita na ang kaperaha, pumalakpak.

mahal-bakal	bata-tela	lapis-alis	hangin-bituin
perlas-manggas	tuklaw-sabaw	lambat-sibat	sakop-hayop
paputok-himutok	lugar-andar	hikab-sunggab	saging-lambing
tatay-bahay	kuwento-saklolo	tandaan-simbahan	

Gawain 2
Loop a Word
Hanapin sa loob ng kahon at bilugan ang mga di kilalang salita na nakapormang pahalang, pahiga at pahilis.

estatwa	pasilyo	plorera	pluma	katre
gwantes	kopa	asarol	tabak	plawta

K	A	T	R	E	D	K	A	T	R	E	P
O	F	M	E	A	A	O	F	M	E	A	L
P	L	U	M	A	A	P	L	U	S	A	A
A	O	D	I	E	S	A	O	I	I	E	W
G	A	I	A	A	A	C	L	I	A	A	T
U	W	A	I	L	R	Y	T	A	I	L	A
B	O	A	I	E	O	B	O	D	I	E	S
T	A	I	N	A	L	C	A	I	A	A	U
A	T	E	S	T	A	T	W	A	I	L	L
B	O	D	I	E	E	B	O	D	I	E	S
A	A	I	A	A	U	S	A	I	A	A	U
K	T	A	I	L	A	R	E	R	O	L	P

Ipabasa ang mga salita.
Ano ang ibig sabihin ng bawat salita?
Ipaguhit ang ibig sabihin ng bawat salita.
Gamitin sa sariling pangungusap ang mga bagong salita.

ARALIN 2: MAHALIN AT IPAGMALAKI ANG PAMILYA

Lingguhang Layunin
Wikang Binibigkas
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong napakinggan
Nakapagbibigay ng hinuha kaugnay sa pinakinggan/binasang teksto
Ponolohiya
Natutukoy ang unahan, gitna, at hulihang tunog ng salita
Gramatika
Natutukoy ang pangalan ng tao, bagay, hayop, at lugar
Pagsusulat
Nasisipi nang wasto ang pangngalan ng tao, bagay, hayop at lugar
Nakagagawa ng pataas na paikot at pababang ikot na guhit

UNANG ARAW

Layunin
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong napakinggan
Nakapagbibigay ng hinuha kaugnay sa pinakinggan/binasang teksto
Paksang-Aralin
Pagbibigay Hinuha
Kagamitan
larawan ng pamilya
Paunang Pagtataya
Tingnan natin ang nalalaman ninyo sa pag-aaralan natin sa linggong ito.
Ipakuha sa mga bata ang kanilang sagutang papel, pansulat at ang Kagamitan ng Mag-aaral (LM). Pasagutan sa mga mag-aaral ang **Subukin Natin** sa LM, pahina__.
Tukoy-alam
Sino-sino ang kasapi ng iyong pamilya?
May nagkasakit na ba sa kanila?
Tumulong ka ba sa pag-aalaga sa kanila?
Ano ang ginawa mo?
Paglalahad
Ilarawan ang sariling ina.
Pagpapayaman ng Talasalitaan
Sabihin kung aling salita sa Hanay B ang kahulugan ng mga salita sa Hanay A. Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B sa pamamagitan ng guhit.

Hanay A	Hanay B
1. dadalo	pagsasama-sama
2. pagtitipon	isangpagdiriwang
3. hilamusang may tubig	pupunta
4. anibersaryo	palanggana

Pagtuturo at Paglalarawan

Basahin sa mga bata ang " Maalagang Ina."
Bakit pinamigatang Maalagang Ina?
Tungkol saan ang napakinggang kuwento.
Basahin muli ang kuwento sa mga bata.
Pasagutan ang mga tanong sa Sagutin Natin.
Ano-ano ang pangyayari sa kuwento/
Ano kaya ang nangyari kung hindi sinabi ni Fe na may sinat ang kapatid?
Paano kung sa kabila ng lagnat ni Rey aytumuloy pa sila sa kanilang lakad?
Ano kaya ang nangyari matapos gumaling si Rey?
Ano ang gusto mong katapusan ng kuwento?
Paano mo ipakikita ang pagmamalasakit sa kasapi ng iyong pamilya?
Ipagawa ang **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina___

Kasanayang Pagpapayaman

Basahin muli sa mga bata ang Maalagang Ina. Maaaring tumawag ng ilang mga bata upang sumabay sa pagbasa ng guro o dili kaya naman ay magbasa nang mag-isa.
Ipagawa ang pagsasanay sa **Gawin Natin** na makikita sa LM, pahina___
Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bigyan ang bawat pankat ng activity sheet na may lamang gagawin ng pangkat. Ipagawa ang **Sanayin Natin** sa LM, pahina__
Pag-uulat ng bawat pangkat.
Bigyang-halaga ang ginawa ng bawat pangkat.

Paglalahat

Paano natin masasagot at makapagbibigay ng sariling hinuha sa nabasa o napakinggang teksto?

Karagdagang Pagsasanay

Basahin ang kuwentong Ang Huwarang Pamilya at pasagutan ang mga tanong matapos magbasa. **Linangin Natin**
Isulat sa papel ang sagot at basahin sa klase.

IKALAWANG ARAW

Layunin

Natutukoy ang unahan, gitna at huling tunog ng salita

Paksang-Aralin

Tunog ng Salita

Kagamitan: larawan, flashcard, tsart

Tukoy-alam

Ano ang pangalan mo?
Pantigin ito.
Ano ang unang letra nito?
Ano ang tunog nito?
Sa anong letra ito nagtapos? Ano ang tunog nito?

Paglalahad

Ano ang gagawin mo kung may sakit ang isang kasapi ng iyong pamilya?
Basahing muli ang kuwentong"Maalagang Ina".

Pagtuturo at Paglalarawan

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga salitang nasa **Basahin Natin** sa LM, p___.
Talakayin ito sa tulong ng mga gabay na tanong sa **Sagutin Natin** sa LM p. _.
Sabihin: Ang mga salita ay may tunog sa unahan, gitna, at hulihan.
Ipabasa sa mga bata ang sumusunod na salita.

Hanay A	Hanay B	Hanay C
Ato	barya	sabon
Ana	serye	kanin

Ilang pantig mayroon ang bawat salita?
Pantigin ang mga ito.
Ano ang una/gitna/huling tunog ng bawat salita?
Gaano kahalaga ang kaalaman sa tunog ng mga letra sa pagbasa?
Talakayin ang **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina ___.

Kasanayang Pagpapayaman

Tukuyin ang una, gitna at huling tunog ng mga salita.
Ipagawa ang **Gawin Natin** sa LM, sa pahina___ .
Sabihin ang katunog ng mga salita. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong.
Sanayin Natin sa LM, pahina _____.

Paglalahat

Saan maaaring magkasintunog ang mga salita?
Tandaan Natin sa LM, pahina__

Karagdagang Pagsasanay

Tukuyin ang mga salitang magkatulad. Sabihin kung saan nagkatulad ang mga piniling salita.
Linangin Natin sa LM, pahina ___.

Kasunduan

Magtala ng limang pares ng pangalan ng iyong kapamilya o kamag-anak na magkakasintunog.

IKATLONGARAW

Layunin

Natutukoy ang pangalan ng tao, bagay, hayop, at lugar

Paksa

Ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook

Kagamitan

tsart ng maikling talata, larawan ng inang inaalagaan ang anak na may sakit,

Tukoy-alam

Ikahon ang mga pangngalan na ginamit sa maikling talata sa ibaba.
Isulat ito sa tsart.

Nanghihina si Ruel. Ilang beses na siyang paroo't parito sa palikuran. Nasira ang kaniyang tiyan sa ulam na kinain kahapon. Nagpunta sila sa isang pistahan sa sa Lungsod ng Quezon.

Paglalahad

Hatiin ang klase sa ilang pangkat.

Hayaang magtala ang bawat pangkat ng mga ngalan ng mga makikita sa loob silid-aralan.

Pag-uulat ng bawat pangkat.

Basahin sa mga bata ang "Nasaan Ka Inay?" sa **Basahin Natin** sa LM, p. ___.

Pagtuturo at Paglalarawan

Pasagutan ang mga tanong sa **Sagutin Natin** sa LM, pahina___.

Ano-ano ang pangngalan na nasa kuwento?

Alin dito ang ngalan ng tao? Bagay? Hayop? Lugar?

Paano isinulat ang bawat ngalan?

Kailan ginamit ang malaking letra? Maliit na letra?

Hayaang magbigay ang mga bata ng ngalan ngtao/bagay/lugar o hayop.

Ano ang gagawin mo sa inyong bahay kung naiwan kang mag-isa?

Ipagawa sa mga bata ang **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina___.

Kasanayang Pagpapayaman

Sabihin kung ngalan ng tao, hayop, bagay o lugar ang mga ngalan sa bawat pangkat.

Pasagutan ang **Gawin Natin** sa LM, pahina___upang matukoy ang ngalan ng tao, bagay, hayop, o lugar.

Ipasagot ang **Sanayin Natin** sa LM, pahina _____ upang malaman kung natutukoy ng mag-aaral ang pangalan ng tao, bagay, hayop, at lugar.

Paglalahat

Ano ang pangngalan? Tingnan sa **Tandaan Natin** sa LM, pahina _____.

Karagdagang Pagsasanay

Tukuyin ang pangngalan na tinutukoy sa bawat bilang.

Gawin ang pagsasanay sa **LinanginNatin** sa LM, pahina _____ .

Kasunduan

Gumupit at idikit sa kuwaderno ang larawan ng tao, hayop, pook, at bagay.

Isulat ang pangngalang tumutukoy sa larawan.

IKAAPAT NA ARAW

Layunin

Nasisipi nang wasto ang pangalan ng tao, bagay, hayop, at pook o lugar

Nakagagawa ng pataas na ikot at pababang ikot na guhit

Paksang- Aralin

Pagsulat ng Pangngalan

Kagamitan

tsart ng mga pangngalan ng tao, bagay, hayop, pook o lugar

Tukoy-Alam

Ipakita ang ginawang takdang-aralin.
Anong bagay/hayop/lugar/tao ang nakita sa larawan?

Paglalahad

Magpakita ng larawan ng tao/bagay/hayop/lugar.
Ipasulat sa pisara ang ngalan nito.
Ipabasa ang mga salita sa **Basahin Natin** sa LM, pahina___.

Pagtalakay

Ipasagot ang mga tanong sa **Sagutin Natin** sa LM, pahina___.
Ano-ano ang ngalan ng tao? Bagay? Hayop?Pook?
Paano isinulat ang bawat isa?
Bakit maliit na letra ang simula ng ngalan ng tao?
Ipasipi ang ilang mga salita sa pisara.
Tama ba ang pagkakasipi ng salita?
Ano ang dapat nating tandaan sa pagsipi ng isang salita?
Ano ang dapat tandaan sa pagsipi ng mga salita?
Pahalagahan Natin, sa LM, pahina___

GawaingPagpapayaman

Ipasipi sa mga bata ang mga pangalan ng tao, bagay, hayop, pook o lugar na nasa **Gawin Natin** sa LM, pahina _____.
Hayaang gawin ito ng mga bata sa sulatang papel at ipakita sa klase ang pagkakasipi. Itanong sa ibangbata kung tama ang pagkakasipi? Kung hindi naman, itanong kung paano pa ito maisasaayos?
Ipagawa ang **Sanayin Natin** sa LM, pahina___. Ipaalala ang wastong pagsipi ng mga salita. Umikot at tingnan kung paano ito ginagawa ng mga bata. Bigyan ng tulong ang mga batang nangangailangan ng gabay. Maaari rin na isulat sa tsart ang mga salitang sisipiin upang makita nila ito kung paano sulatin gamit ang pula at asul na linya ng sulatan.

Paglalahat

Ano ang dapat tandaan sa pagsipi ng mga salita?

Karagdagang Pagsasanay

Ano-ano ang mga dapat tandaan sa pagsipi at pagsulat ng mga salita?
Ipagawa sa mga mag-aaral ang "**Linangin Natin**" sa LM, pahina _____.

Pagsulat

Ipakita sa mga bata kung paano isulat ang pataas na bilog na guhit.
Bilangan gabang gingawa ito upang mas masundan ng mga bata.
Ipasulat ito sa hangin/ sa palad/sa likod ng kaklase.
Ipabakat ito sa pisara.
Pasulatin nito ang mga bata sa sulatang papel.
Gawin muli ang mga hakbang na isinagawa sa pagsulat ng pababa-paikot na linya.

IKALIMANG ARAW

Layunin

Natutukoy ang unahan, gitna, at hulihang tunog ng salita

Natutukoy ang ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o lugar

Paglalahad

Maghanda ng flashcard na may nakasulat na mga salitang natutunan ng mga bata sa isang linggong aralin.

Ipabasa ang mga ito sa mga bata.

Hayaang pagsama-samahin nila ang mga salita.

Tukuyin ang dahilan ng pagsasama-sama ng mga salita.

Kasanayang Pagpapayaman

Gawain 1- Tukuyin ang una, gitna at hulihang tunog ng mga salita.

Ipabigkas sa mga bata ang tunog na may salungguhit sa bawat salita.

1. Pasko
2. ulila
3. kundoktor
4. sakit
5. prutas
6. pulubi
7. talong
8. bisig
9. hipon
10. klase

Gawain 2- Iguhit ang mga sumusunod pangngalan ng tao, bagay, hayop, pook o lugar.

1. palaruan
2. mesa
3. sanggol
4. buwaya
5. paaralan